
TERORISMO
MULA SA HIMPAPAWID
ANG BRUTAL NA PAMBOBOMBA NG AFP
TERORISTA
AFP
AFP
Bayan
www.cpp.ph

Inilathala ng
Ang Bayan

Disyembre 2021

# NILALAMAN


Itigil ang teroristang pambobomba mula sa himpapawid! **4**
Sa tuwing umuulan ng lagim **9**
Terorismo mula sa himpapawid **12**
Mga sandata sa brutal na pambobomba at pangraratrat **16**
Pagpatay gamit ang mga *drone* at pambobomba mula sa himpapawid **20**
Terorismo mula sa himpapawid: Mga brutal na kaso ng pambobomba ng AFP **23**

# ITIGIL ANG TERORISTANG PAMBOBOMBA MULA SA HIMPAPAWID!

Ang paghuhulog ng mga bomba mula sa himpapawid mula sa mga eroplanong pandigma at helikopter at ang katuwang na paggamit ng mga *drone* para sa sarbeylans sa isinasagawang gera kontra-gerilya ay labag sa internasyunal na makataong batas na gumagabay sa kondukta ng gera. Ang paggamit ng mga sandatang ito ay dapat itigil at ipagbawal.

Labis-labis ang inihuhulog na tone-toneladang bomba, pinalilipad na *rocket*, ibinubugang mga bala ng masinggan, at panganganyon ng militar. Ang gayong malalakas na sandata, na karaniwang ginagamit pangwasak ng mga tangke at gusali, ay nagdudulot ng malaking pinsala sa buhay at kalikasan. Lalong kasuklam-suklam ang paggamit ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ng "proximity fuse" para pasabugin ang bomba ilang metro bago ito tumama sa lupa na nagdudulot ng mas malawak pang pinsala.

Itinataas ng AFP ang kakayahan nito sa pag-asinta ng pambobomba sa pamamagitan ng paggamit ng mga *drone* para sa

pang-ereng sarbeylans (pagkuha ng litrato, *thermal imaging* at elektronikong paniniktik) sa malawak na kalupaan. Nakadugtong ito sa lokal na mga espiya at mga kagamitang paniktik para tukuyin ang mga pwesto ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

May ilan nang pagkakataong tumama ang mga bomba sa mga pwesto o kampo ng BHB na ikinasawi ng maramihang bilang ng Pulang mandirigma, katulad ng pagkitil sa buhay ng 20 sa Dolores, Eastern Samar noong Agosto 16, 10 sa Gingoog City sa Misamis Oriental noong Mayo 10, 2020, at pito sa Sta. Teresita, Cagayan nitong Setyembre 21. Kadalasang isinasagawa ang pambobomba sa mga natukoy na pwesto ng BHB sa madaling araw bago pumutok ang liwanag.

Ang paggamit ng labis na malalakas na sandata ay taliwas sa mga prinsipyo ng makataong batas na nagsasaad ng paggamit lamang ng hustong lakas para makamit ang isang partikular na layuning militar na hindi nagdudulot na sobra-sobrang pinsala sa armadong katunggali at hindi taliwas sa kung ano lamang ang matwid at makatao.

Sinasamantala ng AFP ang bentaheng panghimpapawid nito laban sa BHB sa paghuhulog nito ng bomba sa mga armadong katunggali na walang kakayahang magdepensa at walang pagkakataong lumaban. Hindi gera ang ganitong paraan ng maramihang pagpuksa, kundi brutal at madugong pagpatay. Isinasaad ng prinsipyo ng pagkamarangal na ang karapatang puksain ang kaaway ay makatwiran lamang kung ito ay nasa larangan ng armadong labanan. Sa paghuhulog ng bomba mula sa ilang kilometro sa himpapawid, ipinamamalas ng AFP ang kawalan ng pagkamarangal at labis na karuwagan.

Sa kabila ng paggamit ng mga *drone*, mas madalas pa rin na nagmimintis ang mga bomba ng AFP at tumatama, pumipinsala at nagsasaboy ng lason sa mga bukid sa kapatagan na malapit sa mga komunidad, sa mga sakahan at taniman sa bundok, sa mga lugar ng pangangaso, at mga pinagkukunan ng tubig, pagkain,

gamot at iba pang rekursong pangkabuhayan ng masa. Kamakailan, nagresulta sa pagkasunog ng malaking bahagi ng kabundukan ang matinding pambobomba.

May mga pagkakataong naghuhulog ng bomba at nag-iistraping sa malapit sa mga komunidad na walang malinaw na target ang AFP. Isinasapeligro nito ang buhay ng mga sibilyan at naghahasik ng matinding takot. Paulit-ulit ang mga kaso na napupwersang magbakwit ang mga tao. May ilan nang kaso ng mga sibilyang di man tuwirang tinamaan ay namatay dahil sa sakunang dulot ng pambobomba. Ang nakaririnding ugong ng matagalang pag-ikot-ikot ng mga *drone* sa kanilang mga komunidad at kabundukan ay sumisira sa katahimikan at nagdudulot ng labis na pangamba sa masa. Nambobomba ang AFP upang sindakin ang masa at paluhurin sila sa kapangyarihan ng militar. Ano pa nga ba ito kundi terorismo mula sa himpapawid.

Bilyun-bilyong piso ang nilulustay ng AFP sa halos araw-araw na pagpapalipad ng mga *drone*, eroplanong pandigma at helikopter. Ilang bilyong pisong halaga ng mga bomba, *rocket* at mga bala ang winawaldas para sa mga sandatang ito ng terorismo. Inaaksaya ang ganito kalaking pondo habang walang hanapbuhay, mababa ang sahod at kinikita at tuluy-tuloy na pumapaimbulog ang presyo ng mga bilihin.

Dapat magkaisa ang sambayanang Pilipino laban sa brutal at teroristang pambobomba mula sa himpapawid ng AFP. Dapat manindigan ang nagtataguyod sa karapatang-tao at kapayapaan, mga abugado at ekspertong ligal, at lahat ng nagmamahal sa demokrasya, para isulong ang mga hakbang para ilantad, batikusin at itulak ang pagbabawal sa paggamit ng mga sandata ng terorismo ng estado. Dapat ilantad sa internasyunal na komunidad ang kabuktutan ng teroristang pambobomba sa Pilipinas at makiisa sa iba pang mamamayang dumaranas ng katulad na karahasan tulad sa Palestine, Yemen, Syria, Kurdistan, Afghanistan, Pakistan at iba pang bansa. Ilantad at batikusin ang

pagsuporta ng imperyalismong US sa teroristang pambobomba ng pasistang rehimeng Duterte.

Dapat patuloy na magpakahusay ang BHB sa gerilyang pakikipagdigma upang biguin ang teroristang pambobomba ng AFP. Lahat ng yunit ng BHB, maliit o malaki, ay dapat maging puspusan sa pagtalima sa mga binuong patakarang panseguridad. Dapat maging mahusay at mapanlikha sa lihim na pagkilos upang panatilihing bulag at bingi ang kaaway at ipawalangsaysay ang mga *drone* at iba pang kagamitan ng kaaway sa paniniktik.

Dapat panatilihin ng lahat ng yunit ng BHB ang mataas na antas ng mobilidad at kakayahan sa mabilis na paglilipat-lipat upang iwasang masukol at maasinta ng kaaway. Kailangang tuluy-tuloy na palaparin ng lahat ng yunit ng BHB ang kinikilusan nitong erya. Iwasan ang labis na pagkakampante o pagluluwag na lumilitaw sa panahon na may natatamong tagumpay sa gawaing militar man o sa gawaing masa.

Dapat tuluy-tuloy na itaas ng BHB ang kakayahan na maglunsad ng mga opensiba laban sa mga kagamitang panghimpapawid ng kaaway. Wala man tayong mga kagamitang *anti-aircraft*, magagamit ng mga isnayper na Pulang mandirigma ang mga riple laban sa mga helikopter ng kaaway kapag lumilipad nang mababa o kaya'y lumalapag sa mga bundok at sa loob ng mga sonang gerilya.

Dahil sa lumalaking papel ng mga kagamitang panghimpapawid sa mga operasyong kontra-gerilya, hindi magtatagal na magiging palaasa dito ang mga tropang pangkati ng kaaway. Sa harap nito, dapat ibayong magpakahusay ang BHB sa paggamit nito ng bentahe ng kalupaan at suportang masa upang targetin ng mga taktikal na opensiba ang mahihina at nahihiwalay na yunit ng kaaway.

Gabay ng prinsipyong isinaad ni Mao: "ang mga mamamayan, hindi ang mga bagay, ang mapagpasya," dapat pag-ibayuhin ng lahat ng Pulang mandirigma ang tapang, determinasyon,

kahandaan sa sakripisyo at talino sa patuloy na pagsusulong ng digmang bayan. Itaas ang pampulitika at katatagang pang-ideolohiya ng lahat ng yunit ng BHB habang isinusulong ang matagalang digmang bayan para makamit ng sambayanang Pilipino ang pambansang kalayaan at demokrasya.

*Lumabas sa Ang Bayan, Nobyembre 7, 2021*

# SA TUWING UMUULAN NG LAGIM

Walang pagsidlan ang takot ng mga residente sa Sityo Damugnay, Los Angeles, Butuan City noong Nobyembre 3 dahil sa walang-habas na pambobomba ng mga helikopter ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa kanilang lugar.

Sa isang bidyo na kinuha ng isang residente, mahihiwatig ang takot at pagkataranta ng mga residente. Maririnig ang malalakas na pagsabog at sunud-sunod na putok, karugtong ang mga hiyaw at iyakan. Sa huling bahagi ng bidyo ay makikitang nagsisilikas ang taumbaryo.

Pinatotohanan ng pahayag ni Ka Diwa Habagat ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Agusan del Norte ang sinapit ng mga residente. Sinabi niya na ala 1:45 ng hapong iyon, hindi bababa sa apat na malalaking bomba ang inihulog ng mga helikopter na Black Hawk, at daan-daang bala ng kalibre .50 na masinggan ang pinaulan sa mga sakahan at bukid.

Ang insidente sa Butuan City ay kabilang sa tatlong naitalang pambobomba sa Mindanao sa loob lamang ng limang araw. Noong Oktubre 30, binomba at inistraping ang Sityo Gabunan, Barangay Dumalaguing, Impasug-ong, Bukidnon mula alas 12:40 ng umaga hanggang pasado alas-2 ng umaga. Sa panahong ito, hindi bababa sa anim na malalaking bomba at dose-dosenang *rocket* ang pinaulan ng AFP sa lugar.

Muling binomba ang parehong barangay noong Nobyembre 2, alas-9 ng gabi. Katumbas ng di bababa sa tatlong toneladang bomba ang inihulog ng apat na eroplanong OV-10. Kabilang dito ang tig-apat na bombang may bigat na 250 libra (113.4 kilo) at 500 libra (226.8 kilo). Dahil sa labis-labis na pasabog, sunud-sunod na niyanig ang lupa at nasunog ang malaking bahagi ng kabundukan. Mariin itong kinundena kahit ng mga syentista na nagsabing ang pagsunog ng malalawak na gubat ay nagdadagdag sa pag-init ng atmospera.

Sa loob ng 12 linggo mula kalagitnaan ng Agosto hanggang unang linggo ng Nobyembre ay may naitalang anim na katulad na pambobomba. Katumbas ito ng isang serye ng pambobomba bawat dalawang linggo. Dalawa sa mga insidente ay sa Eastern Visayas at isa sa Cagayan Valley.

Hindi bababa sa dalawang sibilyan ang naiulat na namatay dahil sa mga pambobomba, at ilan ang nasugatan. Si Ruben Darasin, magsasakang taga-Barangay Balang-balang sa Remedios T. Romualdez, Agusan del Norte ay namatay matapos tumakbo papunta sa ilog dahil sa pagkataranta nang bombahin ang Sityo Damugnay. Mga sugat at galos sa katawan din ang tinamo ng mga nagtatrabaho sa kanilang mga sakahan dahil sa pagtakas sa peligrong matamaan sa pambobomba.

Sa Bobon, Northern Samar noong Setyembre 16, dahil din sa takot dulot ng pagkanyon at pambobomba ay nakunan ang isang buntis at namatay. Hindi bababa sa 11 bala ang pinaputok ng dalawang 105mm na kanyon, at di mabilang na rocket ang pinaulan ng militar mula sa mga helikopter na Sikorsky mula alas-3 ng madaling araw hanggang alas-10 ng umaga.

Limang magsasaka naman ang biktima ng pang-iistraping ng 20th IB at mga pulis sa magkahiwalay na insidente sa Barangay Epaw, Las Navas noong Oktubre 14 at Barangay San Vicente, Catubig sa Samar nang sumunod na araw. Dalawa sa mga biktima ang nasugatan at isa ang iligal na dinakip.

Daan-daan din ang sinukluban ng takot dulot ng mga pagsabog. Sa insidente sa Butuan City, maging ang mga residente sa apat na katabing barangay ay nangambang madamay sa pambobomba. Sa magkakahiwalay na bidyo sa pagbomba sa Dumalaguing ay nagpahayag din ang mga residente ng kanilang pangamba na maisapeligro ang buhay ng kanilang mga kapamilya.

Dahil sa teroristang epekto ng pambobomba mula sa ere, suportado ito ng mga kasinungalingang pilit pinatatanggap sa madla. Asintadong operasyon umano ang paghulog ng mga bombang may bigat na 500 libra (katumbas ng 226.8 kilo) gayong winawasak nito ang nasa saklaw ng 90-183 metro paikot, at mas malawak pa kung susukatin ang naaabot ng nagpira-pirasong bomba.

Noong Nobyembre 5, ibinalita ang pagdating sa Mindanao ng anim na karagdagang Black Hawk na helikopter, na lalong maghahasik ng teror sa mga komunidad at bukid. Ngunit ayon sa BHB-Agusan del Sur, kailangan ang paglalantad ng taumbaryo sa gayong mga lagim upang unti-unting maitransporma ang takot tungo sa kolektibong tapang.

*Lumabas sa Ang Bayan, Nobyembre 7, 2021*

# TERORISMO MULA SA HIMPAPAWID

Ang paghuhulog ng bomba mula sa mga eroplanong pandigma ng Armed Forces of the Philippines (AFP), katuwang ang mga *drone* at kaalinsabay ng pag-iistraping mula sa helikopter, ang isa sa pinakabrutal na taktika ng digmang mapanupil ng reaksyunaryong estado. Ano pa nga ba ito kundi pasistang terorismo mula sa himpapawid na ang hatid ay karahasan, takot, pagkawasak saan man ito ihasik ng AFP.

Ang paghahasik ng terorismo mula sa himpapawid ay palala nang palala matapos iutos ni Rodrigo Duterte na "patagin ang kabundukan" noong 2017. Ipinakita niya sa buong Pilipinas ang kanyang hindi nahahangganang brutalidad sa pamamagitan ng pagpulbos sa Marawi City. Mula noon, daan-daang mga bomba, libu-libong *rocket*, sandamukal na bala ng masinggan at bala ng kanyon na ang ginamit ng AFP sa gera nito ng pagsupil sa sambayanan at sa kanilang makatwirang armadong pakikipaglaban.

Sinimulan ang masinsing terorismo mula sa himpapawid sa iba't ibang rehiyon sa Mindanao noong 2018, subalit hindi naglao'y inihasik ito sa buong bansa. Patuloy din ang matinding pambobomba mula sa ere sa mga lugar ng Moro, kung saan permanenteng nakabase ang mga pwersa ng US. Patuloy na lumilikom ang AFP ng mga sasakyang panghimpapawid, kanyon, misayl at bomba sa imbing layuning ipailalim ang buong bansa sa terorismo.

Sa kasalukuyan, ang pang-ereng pambobomba at istraping ay pirmeng bahagi na ng arsenal ng mga sandatang ginagamit ng kaaway sa mga operasyong kontra-gerilya na may layuning maghasik ng takot sa masang magsasaka at sindakin ang mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan. Taliwas sa mga panuntunan at prinsipyo ng internasyunal na makataong batas, ang mga sandatang ito ay sobra-sobra sa kinakailangan, walang pili, nagsasapeligro sa mga sibilyan at nagdudulot ng pagkawasak sa ari-arian at kapaligiran.

Noong nagdaang buwan lamang, naghulog ang AFP ng 69 na bomba at 18 *rocket*, at 51 ulit na kinanyon at pabalik-balik na inistraping ang mga komunidad at sakahan ng mga Lumad sa Talaingod, Davao del Norte at sa paligid ng kabundukan ng Pantaron sa loob ng 35 araw mula Setyembre 15. Pakay nitong paluhurin ang mga residenteng Manobo at "sumurender" sa AFP.

Matagal nang binobomba ng AFP ang mga komunidad ng mga Lumad. Noong 2017, ang bombang inihulog ng AFP ay bumagsak sa hindi kalayuan sa paaralang Lumad na Fr. Pops Tentorio Memorial School sa Magpet, North Cotabato. Noong Disyembre 31, 2018, anim na bomba ang inihulog ng AFP sa Barangay Diatagon, Lianga, Surigao del Sur, na lumagpak 150 metro lamang ang layo sa mga komunidad ng Sityo Panukmoan at Sityo Decoy. Noong Marso 24, 2020, lumagpak ang mga bala ng kanyon sa layong 330 metro mula sa sentrong komunidad sa Barangay Mandahikan, Cabanglasan, Bukidnon. Noong Enero, mga pastuhan, taniman at lugar ng pangangaso ng mga katutubo ang tinamaan ng mga bomba na inihulog sa Abra at Mt. Province noong Enero. Sa Visayas, isang shrapnel ng *rocket* ang bumutas sa bubong ng isang bahay sa Dolores, Eastern Samar noong Agosto 16.

Madalas na ang mga operasyon ng pambobomba mula sa himpapawid ay isinasagawa sa madaling araw at nagtatagal nang ilang oras. Noong Abril 19, 2020, bandang ala-5 ng umaga naghulog ng apat na bomba ang AFP malapit sa bahayan ng Sityo

Kapanal, Barangay Gasi, Kiamba, Sarangani, habang may ilan nang magsasakang Lumad (mula sa tribong T'boli) ang nasa kanila nang mga bukid. Noong Abril 26, 2018, ang pambobomba sa Mati, Davao Oriental ay nagsimula bandang ala-5 ng hapon at tumigil lamang matapos ang dalawang oras, at muling nagsimula ng alas-9 ng gabi hanggang hatinggabi. Noong gabi ding iyon, 38 bomba ang inihulog sa mga bayan ng Sinacaban at Jimenez sa Misamis Occidental mula alas-9 ng gabi hanggang alas-4 ng umaga ng sumunod na araw. Nagsimula naman sa alas-11 ng gabi ang panganganyon sa Barangay Osmeña, Palapag, Northern Samar at nagtagal hanggang alas-2 ng umaga.

Ang walang-patumanggang pambobomba at pangraratrat mula sa himpapawid, at panganganyon ay naghahatid ng matinding troma sa mamamayan sa kanayunan. Hindi bababa sa 1,000 pamilya ang nagbakwit sa mga komunidad sa Barangay Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro at Barangay Lisap, Bongabong, Oriental Mindoro matapos apat na araw na bombahin at ratratin ang kanilang mga barangay simula Abril 29, 2019. Humigit-kumulang 1,000 pamilya rin ang nagbakwit noong Pebrero 11, 2017 matapos kanyunin ang mga barangay ng Macopa, Kibagyo at Bullucan sa Laak, Compostela Valley (Davao de Oro). Mahigit 190 pamilya (kabilang ang 660 bata) ang nagbakwit sa Barangay Buhawen, San Marcelino, Zambales noong Agosto 21, 2020 matapos bombahin ang kanilang lugar; at mahigit 200 pamilya ang nagbakwit sa magkakaratig na barangay matapos bombahin at ratratin ng AFP ang bulubunduking lugar ng Barangay Lidong, Caramoan, Camarines Sur noong Agosto 13, 2020.

Sinasamantala ng AFP ang nililikhang takot ng pambobomba at ginagamit ang pagbabanta nito upang paluhurin ang mga residente at pasunurin sa mga utos ng AFP, katulad ng pwersahang "pagpapasurender" sa kanila. May kaso na pwersahang pinagbakwit ang mga tao tulad ng 2,000 pamilyang

Lumad at magsasaka sa Cabanglasan, Bukidnon, matapos bombahin nang 15 ulit ang kanilang lugar na sumira sa mga tanim na mais. Noong Nobyembre 2, 2018, pinagbantaan ang mga residente ng Barangay Luayon, Makilala, North Cotabato, na bobombahin ang kanilang mga komunidad, isang araw matapos silang lumikas dahil sa lindol.

*(Tingnan ang talaan ng mga kaso ng brutal na pambobomba sa dulo).*

*Lumabas sa Ang Bayan, Oktubre 21, 2021*

# MGA SANDATA SA BRUTAL NA PAMBOBOMBA AT PANGRARATRAT

Sa ilalim ng pasistang rehimeng Duterte, sinimulang gamitin ang brutal na taktika ng paggamit ng mga *drone*, helikopter at *fighter jet* sa pambobomba at pagraratrat mula sa himpapawid sa gerang kontra-insurhensya.

Sa nagdaang mga taon, kaliwa't kanan ang pagbili ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ng mga kagamitan para palakasin ang "superyoridad sa himpapawid" nito. Daan-daang bilyong piso ang nilustay para sa pagbili ng mga *drone*, helikopter, *fighter jet*, *rocket*, kanyon, at bomba. Pinalalabas na bahagi ito ng "modernisasyon" ng mga kagamitang militar para sa paghahanda sa pagdepensa laban sa panghihimasok sa South China Sea. Ang totoo, malaking bahagi nito ay ginagamit sa todo-gera laban sa mamamayan sa kanayunan.

Sa kasalukuyan, may 17 *medium-altitude long-endurance drone* ang AFP, kabilang ang walong Hermes 450 (may pakpak na 10.5 metro, nakalilipad sa taas na 5.4 kilometro at tumatagal sa ere nang 17 oras) at siyam na Hermes 900 (pakpak na 15 metro, lipad na 10.3 kilometro at nagtatagal nang 36 oras sa ere). Binili ang mga ito sa kumpanyang Elbit Systems ng Israel na kasosyo ng

US. Dagdag pa rito ang hindi bababa sa 15 ScanEagle *drone* ng AFP. Ginagamit ang mga *drone* na ito para sa estratehikong pagsarbeylans sa malalawak na erya.

Mayroon ding mas maliliit na *drone* katulad ng Raptor 1, Knight Falcon 1, at RQ-11 Raven 3 sa arsenal ng AFP na mas mababa ang kapasidad at kayang pumaimbulog nang maksimum na hanggang 5 kilometro. May maliliit na *quadcopter* (may apat na elisi) na mas mababa ang lipad at ginagamit kaakibat ng mga operasyong taktikal. May nakatakdang ideliber na 1,066 na ganitong *quadcopter*. Katuwang din ng AFP ang mga pwersang militar ng US na gumagamit ng mga *drone* na kinokontrol mula sa base nito sa kampo sa Zamboanga City.

Ang mga *drone* ay mga eroplano na walang sakay na tao na malayuang kinokontrol sa pamamagitan ng satelayt o radyo. Karga ng mga ito ang malalakas na *electro-optical camera* (kumukuha ng larawan), *infrared thermal imaging camera* (kumukuha ng larawan gamit ang temperatura) at iba't ibang kagamitan para sa pagsarbeylans sa lupa. Wala pa sa arsenal ng AFP ang mga armadong *drone*, bagaman may mga ulat mula 2018 na may mga *drone* na naghulog ng bomba. Sa ngayon, masinsin ang paggamit ng mga *drone* sa intelidyens, sarbeylans, rekonaysans (o pagmamanman) at "target acquisition" o paghahanap ng target. Gumagamit din ang AFP ng mga de-pilotong eroplanong Cessna na may dalang kagamitang pangsarbeylans.

Ginagamit ng AFP sa pambobomba ang mga panalakay na helikopter tulad ng MD-520MG at Agusta Westland (AW 109). Sa kasalukuyan, hawak ng AFP ang 13 AW 109 at 15 MD-520MG. Nambobomba ang mga helikopter na ito gamit ang 6-7 *rocket* (bombang dala ng *rocket*) na may dayametro o taba na 2.75 pulgada at bigat na 15 kilo ang bawat isa. Mayroon ding mga *rocket* na Hydra na 6.2 kilo. Gumagamit din ang AFP ng mga Sikorsky na helikopter na maaari ring kargahan ng masinggan

para mang-istraping.

Ginagamit din ng AFP sa pambobomba ang mga eroplanong pandigma katulad ng FA-50 *fighter jet* (na binili noon pang 2014) at A-29B Super Tucano (na sisimulang gamitin sa 2023 matapos ang panahon ng pagsasanay). Ang FA-50 ay kayang lumipad sa bilis na 1,837.5 kph (kilometro kada oras), habang ang Super Tucano ay 590 kph. May kapasidad ang mga eroplanong ito na magkarga ng hanggang pitong malalaking bomba. Bumili ang AFP ng mga bombang AGM-65 Maverick na tumitimbang na 210-304 kilo (katumbas ng 4-6 na sakong bigas). Gumagamit din ang AFP ng mga eroplanong OV-10 Bronco at S.211 Marchetti *jet* sa paghuhulog ng bomba. Inihuhulog ang bomba batay sa impormasyon na nakukuha sa mga *drone*.

Bukod sa pagdadala ng bomba, ang mga eroplanong pandigma na ito ay maaari ring magdala ng mga *rocket*. Kinakabitan din ito ng M61 Vulcan na masinggan na may kapasidad na awtomatikong bumuga ng 6,000 bala sa isang minuto. Ang pangraratrat mula sa himpapawid ay isinasagawa kahit walang malinaw na target sa lupa. Isinasapeligro nito ang buhay ng sinumang maaaring datnan nito at sumisira ng mga puno, tanim at iba pa. Ang ganitong pagraratrat ay bahagi ng taktika para lumikha ng takot sa mga nasa lupa at palakasin ang loob ng kanilang sariling tropa.

Ang mga *rocket* at bomba ay lubhang malalakas na uri ng sandata. Sa gera, kadalasang ginagamit ito sa matitigas na target na may malakas na depensa katulad ng mga kampong militar o mga barkong pandigma. Ang isang bombang 500-libra ay kayang magpaguho ng isang katamtamang laking gusali o kaya'y humukay sa lupa ng butas na 15 piyeng lalim at 30 piyeng lapad. Lalong mapaminsala ang mga bombang ito kapag ito'y kinakabitan ng "proximity fuse" na nagpapasabog sa bomba bago ito tumama sa lupa.

Dapat ding banggitin ang walang kapararakang paggamit ng AFP ng mga *howitzer*. Ang mga kanyong ito ay kinakargahan ng

mga bombang 105mm (13 kilo) o 155mm (43.7 kilo). Ang 105mm ay kayang paliparin nang layong 11 kilometro, habang layong 23.5 kilometro ang pwedeng liparin ng 155mm. Ang mga kanyong ito ay may gulong at hinihila ng mga trak ng militar at kadalasang ipinupwesto sa tabi ng mga baryo. Ang bawat pagsabog nito ay naghahatid ng labis na takot sa mga residente.

*Lumabas sa Ang Bayan, Oktubre 7, 2021*

# PAGPATAY GAMIT ANG MGA *DRONE* AT PAMBOBOMBA MULA SA HIMPAPAWID

Isang madugong krimen ang iniwan ng militar ng US sa Afghanistan bago tuluyang lisanin ng mga armadong tropa ang bansa matapos ang 20 taong gera ng pagsakop dito. Noong Agosto 29, nagpakawala ang mga armadong *drone* nito ng mga 20-libras na Hellfire *missile* sa isang residensyal na lugar sa sentrong syudad ng Kabul na pumatay sa sampung sibilyan, kabilang ang pitong bata.

Sa harap ng hindi mapasusubaliang ebidensya, napilitang aminin ng US Central Command noong Setyembre 17 na ang pambobomba ay isang "kalunus-lunos na pagkakamali." Ito ay matapos ang ilang linggong paggigiit na matagumpay nilang napatay ang isang teroristang kabilang diumano sa ISIS-K. Sangkot diumano ang taong ito sa *suicide bombing* sa paliparan ng Kabul noong Agosto 26 na pumatay sa ilampung tao kabilang ang

13 sundalong Amerikano.

Bago aminin ang pagkakamali, ipinaggiitan ng mga upisyal militar ng US na “98% sigurado” sila na matagumpay ang kanilang pambobomba at na wala na daw silang kailangang ipaliwanag o patunayan. Gamit ang *drone*, maghapon diumano nilang sinubaybayan ang kilos ng pinagsususpetsahan nilang terorista at nakita daw nilang bumisita ang biktima sa mga kilala nilang “hideout.” Iginigiit ng militar ng US na napigilan nila ang isa pang teroristang atake dahil ang lalaking tinarget nila ay nagkakarga noon ng mabibigat na bagay sa likuran ng kanyang kotse na pinaniniwalaan nilang mga eksplosibo.

Ang totoo, ang napatay ng mga bomba ng *drone* ng US ay si Zemari Ahmadi, empleyado ng Nutrition and Education International, isang pangkawanggawang organisasyong Amerikano. Kadarating lamang ni Ahmadi mula sa maghapong pagtatrabaho ng paghahatid-sundo ng mga kawani sa kanilang upisina. Nang sumabog ang misayl ng US, nagdidiskarga siya noon ng malalaking *container* ng maiinom na tubig para sa kanyang pamilya. Kabilang ang kanyang mga anak sa napatay.

Umamin na lamang ang US matapos ibunyag sa isinagawang imbestigasyon ng mga mamamahayag sa Afghanistan katuwang ng kilalang pahayagang New York Times at Washington Post sa US. Tinukoy nila na si Ahmadi ay kabilang sa mga Afghan na nakipagtulungan noon sa pananakop ng US at nagbabalak sana na makapunta ng US matapos agawin ng Taliban ang poder noong nakaraang buwan.

Bago nito, ilang beses nang napilitan ang US na umaming nagkamali sila at mga sibilyan ang kanilang napatay. Kabilang dito ang pagbomba sa isang kasalan noong 2002, pagpatay sa mahigit 100 sibilyan sa prubinsya ng Farah noong 2006 at pagbomba ng isang ospital noong 2016 kung saan 42 duktor ang napaslang.

Ayon sa Bureau of Investigative Journalism, hindi bababa sa 16,900 na ang napatay at 3,900 ang nasugatan sa Afghanistan,

Pakistan, Somalia at Yemen mula nang unang gumamit ang US ng mga *drone* noong 2001. Wala itong eksaktong datos sa kaswalidad sa paggamit ng US ng *drone* sa Iraq, Syria, Nigeria, Mali, Libya, Gaza at West Bank sa Palestine, sa rehiyon ng Kurd sa Turkey at sa Pilipinas.

Sa nagdaang 20 taon, nagtetengang kawali ang mga upisyal militar ng US sa sigaw ng libu-libong pamilya ng mga biktima ng kanilang pambobomba mula sa himpapawid gamit ang mga *drone*. Makaisang panig na ipinagmamalaki ng US ang teknolohiya at bentahe nila sa paggamit ng *drone* sa larangan ng digmaan. Pilit nilang binabalewala at ibinabaon sa kanilang propaganda ang katotohanang ang paggamit ng mga *drone* ay labag sa mga batas ng digma at ginagamit sa kanilang panghihimasok sa iba't ibang sulok ng daigdig.

Ang mga *drone* ay mga sasakyang panghimpapawid na nagdadala ng malalakas na kamera, *thermal sensor* (nagmamatyag sa pamamagitan ng pagsukat sa pagkakaiba ng init ng mga bagay) at iba pang kagamitan para sa pagmamanman o pag-eespiya. May mga *drone* na nagdadala ng mga misayl o bomba.

Isang MQ-9 Reaper *drone* ang ginamit ng US sa pagbomba nito kay Ahmadi. May kapasidad itong lumipad nang 42 oras na may dalang 450 kilo ng pasabog. Kinokontrol ito mula sa mga kampo militar sa loob ng US at pwedeng paliparin sa iba't ibang panig ng mundo gamit ang komunikasyong dumadaan sa mga satelayt sa kalawakan. May mga "drone command center" ang US sa Las Vegas, Nevada at iba't ibang kampong militar sa loob ng US at 27 kampo nito sa iba't ibang panig ng mundo, kabilang ang apat sa Afghanistan at isa sa Pilipinas.

*Lumabas sa Ang Bayan, Setyembre 21, 2021*

# TERORISMO MULA SA HIMPAPAWID: MGA BRUTAL NA KASO NG PAMBOBOMBA NG AFP

Ang paghuhulog ng bomba mula sa mga eroplanong pandigma ng Armed Forces of the Philippines (AFP), katuwang ang mga *drone* at kaalinsabay ng pag-iistraping mula sa helikopter, ang isa sa pinakabrutal na taktika ng digmang mapanupil ng estado. Ano pa nga ba ito kundi pasistang terorismo mula sa himpapawid na ang hatid ay karahasan, takot, pagkawasak saan man ito ihasik ng AFP.

Sa ilalim ng tiranikong rehimeng US-Duterte, ang paghahasik ng terorismo mula sa himpapawid ay palala nang palala mula 2017 matapos ideklara ng haring pasista na “patagin ang kabundukan” at ipakita sa buong Pilipinas ang kanyang hindi nahahangganang brutalidad sa pamamagitan ng pagpulbos sa Marawi City. Mula noon, daan-daang mga bomba, *rocket* at mga bala ng kanyon na ang ginamit ng AFP sa gera nito ng pagsupil sa sambayanan at sa kanilang makatwirang armadong pakikipaglaban.

Sumusunod ang panimulang talaan ng mga kaso ng pambobomba, pangraratrat at panganganyon na tinipon ng Ang Bayan mula sa mga ulat at pahayag. Inaanyayahan ang mga mambabasa na mataman itong basahin upang makita ang sagadsaring kalupitan ng teroristang rehimeng Duterte ang kawalan nito ng pakundangan sa mga internasyunal na makataong batas at mga karapatang-tao.

Ang talaang ito ay hindi pa tapos. Hinihingi ng Ang Bayan sa lahat na iulat ang lahat ng iba pang kaso na hindi pa naisama dito upang mabuo ang larawan ng kalupitan ng pang-ereng pambobomba at istraping at panganganyon. Pinakalayunin nito na maipakita ang mga dahilan kung bakit dapat ipagbawal ang paggamit ng mga sandatang ito–mga sandata ng teroristang karahasan–sa digmang kontra-gerilya at pagsupil sa sambayanan.

1. Noong Pebrero 1, 2017 at Pebrero 14, 2017 binomba ng AFP ang Barangay Manay at Barangay Lupon, sa Davao Oriental.

2. Noong Pebrero 11, 2017, naghulog ng anim na bomba ang AFP sa Barangay Datal Anggas sa Alabel, Saranggani. Mahigit 100 pamilyang Lumad (B'laan at Kaolo) ang napwersang magbakwit.

3. Noong Pebrero 11, 2017, kinanyon ng AFP ang Barangay Macopa, Kibagyo at Bullucan sa Laak, Compostela Valley, na nagresulta sa pwersahang pagbakwit ng 1,000 pamilya.

4. Noong Mayo 25, 2017 binomba, kinanyon at inistraping ng 39th IB ang Barangay Salat at Tuael, sa President Roxas, North Cotabato. Noong araw ding iyon, binomba ang Barangay Tangkulan at Anggaan, sa Damulog, Bukidnon.

5. Noong Setyembre 20, 2017, binomba ng AFP ang mga komunidad ng Lumad at magsasaka sa Magpet, North

Cotabato na tumarget sa paaralang Lumad na Fr. Pops Tentorio Memorial School.

6. Noong Setyembre 25, 2017, binomba ng AFP ang mga komunidad sa paligid ng Mt. Banoy, sa labas lamang ng sentro ng Batangas City. Daan-daang pamilya sa ilang baryo ang napilitang lumikas sa takot.

7. Noong Disyembre 16, 2017, apat na beses nagpaputok ng 105mm howitzer sa Brgy. Hinagonoyan, Catubig, Northern Samar kung saan nagkaroon ng armadong labanan ang 20th IB at BHB. Sariling pwersa ng AFP ang natamaan kung saan 6-9 na sundalo an namatay ayon sa ulat ng mga magsasaka.

8. Noong Enero 2018, naghulog ng mga bomba ang 20th IB sa Barangay Bay-ang, San Jorge, Samar.

9. Noong Enero 21, 2019, kinanyon at inistraping ng AFP ang ibabaw na bahagi ng baryo, Barangay Bay-ang, San Jorge, Samar.

10. Noong Abril 26, 2018 naghulog ng 38 bomba ang 1st ID sa mga bayan ng Sinacaban at Jimenez sa Misamis Occidental mula 9:00 ng gabi hanggang alas-4 ng umaga sa sumunod na araw.

11. Noong Abril 26, 2018, walang habas na nagpaulan ng bomba ang 28th IB sa mga mataong barangay ng San Isidro at Mati, Davao Oriental mula ala-5 hanggang ala-7 ng gabi, at muli alas-9 ng gabi hanggang hatinggabi. Hindi bababa sa 50 pamilya ang napilitang lumikas sa kanilang mga tahanan dahil sa labis na takot.

12. Noong Abril 27, 2018, bandang ala-una ng umaga naghulog ng mga bomba ang AFP sa bayan ng Dapiwak at mga baryo sa Dumingag, Zamboanga del Sur, isang araw matapos maka-engkwentro doon ang isang yunit ng BHB. Hindi bababa sa 45 pamilya ang pwersahang napalikas.

13. Noong Hulyo 6, 2018, naghulog ng 16 na bomba ang AFP sa mga kabundukan at sakahan sa mga barangay ng New Salem, Villa Undayon at Mount Carmel sa Bayugan City, Agusan del Sur. Ito ay matapos na tambangan ng isang yunit ng BHB ang tropa ng 401st IBde.

14. Noong Hulyo 7, 2018, walong bomba ang inihulog ng mga helikopter at siyam na ulit na kinanyon ng AFP ang mga Sityo Humaos, Bahay at Dakulang sa Barangay La Purisima, Prosperidad, Agusan del Sur.

15. Noong Agosto 16, 2018, naghulog ng mga bomba at nag-istraping ang AFP gamit ang dalawang helikopter sa Barangay Sindon Bayabo, Ilagan City, Isabela. Ito ay bilang pagganti sa tinamong kaswalti sa ambus ng BHB laban sa 95th IB. Nagresulta ang pambobomba sa lubhang pagkatakot ng mga tao at pagkawasak ng kanilang kabuhayan. Dalawang kalabaw ang napatay.

16. Noong Agosto 27, 2018, naghulog ng mga bomba ang AFP sa Barangay Dagohoy, Talaingod, Davao del Norte, malapit lamang sa paaralan ng Salugpungan Ta Tanu Igkanugon Learning Center, kung saan ay kasalukuyan noong nagkaklase ang mga bata.

17. Noong Setyembre 4, 2018 naghulog ang AFP ng mga bomba sa Shariff Aguak, Maguindanao, katuwang ang US Army Special Forces. Isang sibilyan ang namatay at tatlo ang nasugatan. Ilang libong pamilya at napilitang magbakwit.

18. Noong Setyembre 5, 2018 binomba at kinanyon ng AFP ang Barangay Bialong, Shariff Aguak, Maguindanao. Nasawi sa pambobomba ang residenteng si Ustadz Abdulladzis Abdulrahim, 58 taong gulang at ikinasugat ng tatlo.

19. Noong Setyembre 16, 2018, naghulog ng bomba at nanganyon ang AFP sa Barangay Sangay, Kalamansig, Sultan Kudarat, matapos tambangan ng BHB ang mga tauhan ng Marine Batallion Landing Team-2.

20. Noong Setyembre 28, 2018, bandang alas-3 ng hapon, nagpaulan ng bomba ang mga helikopter at kinanyon ng AFP ang Sityo Indawhong at Sityo Kalachuchi sa Barangay Salaysay, Baguio District, Davao City. Ito ay isang oras matapos tambangan ng yunit ng BHB ang isang platoon ng 3rd IB sa lugar. Nagpatuloy nang isang araw ang panganganyon sa lugar na naging dahilan para magbakwit ang 42 pamilyo o 200 indibidwal mula sa dalawang komunidad.

21. Noong Oktubre 26, 2019, bandang madaling araw, naghulog ang AFP ng tatlong 500-libras na bomba malapit sa komunidad ng Barangay Caputoan, Las Navas, Northern Samar. Tinamaan ang mga bukid ng 13 pamilya, at sumira sa mga bahay, inaning palay at mga ai-arian. Sinundan ito ng pangraratrat ng mga sundalong lulan ang helikopter.

22. Noong Nobyembre 2, 2018, pinagbantaan ng 39th IB ang mga residente ng Barangay Luayon, Makilala, North Cotabato na bobombahin ang kanilang komunidad, isang araw matapos silang lumikas dahil sa lindol.

23. Noong Disyembre 12, 2018 hanggang Disyembre 16, 2018, naghulog ang AFP ng 11 rocket sa Sityo Lakbangan, Barangay Minalwang, Claveria, Misamis Oriental gamit ang mga pang-atakeng helikopter sa ilang araw na pakikipagsagupa sa BHB. Hindi rin bababa sa 13 ulit ang pag-iistraping at 11 ulit ang panganganyon.

24. Noong Disyembre 16, 2017, apat na beses kinanyon gamit ang 105mm howitzer ang Barangay Hinagonoyan, Catubig, Northern Samar kung saan nagka-engkwentro ang 20th IB at BHB. Sariling

pwersa ng AFP ang tinamaan ng mga bomba kung saan 6-9 na sundalo an namatay ayon sa ulat ng mga resident.

25. Noong Disyembre 31, 2018, bandang alas-2 ng hapon, anim na bomba ang inihulog ng AFP sa Sityo Panukmoan at Sityo Decoy, sa Barangay Diatagon, Lianga, Surigao del Sur, 150 metro lamang ang layo sa sentro ng kanilang komunidad. Dahil dito, nagbakwit ang 26 na pamilyang Lumad (o 172 indibidwal).

26. Noong Enero 21, 2019, inistraping at kinanyon ang ibabaw na bahagi ng Barangay Bay-ang, San Jorge, Western Samar.

27. Noong Enero 28, 2019, apat na oras na binomba ng 19th IB ang mga komunidad sa Barangay Amabel, sa Magpet, North Cotabato.

28. Noong Pebrero 5, 2019, naghulog ng bomba ang AFP sa Barangay Datu Wasay, Kalamansig, Sultan Kudarat matapos ang armadong pakikipagsagupa sa BHB. Hindi bababa sa 20 elemento ng MBLT-2 ang nasawi sa sarili nilang bomba.

29. Noong Pebrero 25, 2019, bandang 1:30 ng umaga, naghulog ng mga rocket at nag-istraping ang dalawang AW109 na helikopter sa bulubunduking lugar ng Sityo Sil-angon, Barangay Cawayan, San Fernando, Bukidnon.

30. Noong Marso 31, 2019, binomba at inistraping ng 401st IBde ang Barangay Diatagon, Lianga, isang araw matapos ang engkwentro sa pagitan ng AFP at BHB. Dahil sa takot, nagbakwit ang 28 pamilya mula sa Sityo Decoy at Panukmoan.

31. Noong Abril 7, 2019, naghulog ng mga bomba ang AFP sa Barangay Kipilas, Kitaotao, Bukidnon. Nasawi sa pambobomba si Datu Kaylo Bontulan, kilalang lider Manobo at upisyal ng Pasaka at Salugpungan, na noo'y bumibisita sa lugar.

32. Noong Abril 16, 2019, matapos mapa-engkwentro sa isang yunit ng BHB, naghulog ng mga bomba, nanganyon, nag-istraping mula sa himpapawid ang 19th IB sa Sityo Anoling, Barangay Badiangon, Arakan, North Cotabato. Ilandaang sibilyang residente sa magkakanugnog na barangay ang lumikas sa kanilang mga tahanan.

33. Noong Abril 23, 2019, 14 ulit na kinanyon ng AFP at nag-istraping mula sa helikopter sa gitna ng mga bukid at komunidad, matapos ang armadong labanan sa Barangay Badiangon, Arakan, North Cotabato.

34. Noong Abril 24, 2019, naghulog ng mga bomba at kinanyon ng AFP ang Barangay Cabuyuan, Mabini, Compostela Valley, matapos makasagupa ng BHB sa lugar.

35. Noong Abril 29, 2019, sinimulan ng AFP ang apat na araw na pambobomba at pag-iistraping sa mga komunidad ng katutubong Mangyan (Buhid) sa sityo ng Anoling, Masay, Mantay at Sangay sa Barangay Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro at mga sityo ng Buswak at Balya sa Barangay Lisap, Bongabong, Oriental Mindoro. Mahigit 1,000 ang nagbakwit sa kanilang mga komunidad.

36. Noong Abril 30, 2019, inilunsad ng 203 IBde ang walang patumanggang pambobomba at istraping sa Barangay Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro. Sa labis na takot, hindi bababa sa 1,000 Mangyan sa lugar ang napilitang lumikas.

37. Noong Hulyo 12, 2019, bandang 1:30 ng hapon, naghulog ng mga rocket at nag-istraping ang dalawang MD520 helikopter sa Barangay Guinabsan, Buenavista, Agusan del Norte sa natukoy na kampo ng BHB. Walang tinamaan sa mga Pulang mandirigma at nakaatras ang lahat.

38. Noong Hulyo 26, 2019, ala-5:41 ng umaga, naghulog ng 13 rocket at apat na beses na nanganyon ang AFP sa Barangay Bantayao, Lumba-Bayabao, Lanao del Sur sa natukoy na pinagkampuhan ng BHB. Ilang oras nang nakaalis ang mga Pulang mandirigma sa kampo nang simulan ng AFP ang pambobomba at paglusob ng tropang pangkati nito.

39. Noong Agosto 8, 2019, mula 11:00 ng umaga hanggang ala-3 ng hapon, tatlong ulit na binomba at inistraping ng AFP ang magubat na bahagi ng Barangay Bontongon, Impagsug-ong, Bukidnon. Tinamaan nito ang mga abakahan ng mga residente sa nakapaligid na barangay.

40. Noong Agosto 12, 2019, hindi bababa sa 15 bomba ang inihulog sa mga liblib na lugar sa Puting Bato, Cabadbaran City, Agusan del Norte. Kaugnay ito ng pinaplanong mga operasyong pagmimina sa Mt. Hilong-hilong.

41. Noong Agosto 13, 2019 naghulog ang AFP ng anim na bomba at inistraping ang lugar malapit sa komunidad ng Barangay Lidong, Caramoan, Camarines Sur kahit wala namang yunit ng BHB na malapit sa lugar. Napwersang lumikas ang humigit-kumulang 230 pamilya sa magkakalapit na barangay.

42. Noong Setyembre 26, 2019, naghulog ng mga bomba at nag-istraping ang 50th IB sa kabundukan at lupaing ninuno ng tribong Pidlisan sa Sagada, Mountain Province.

43. Noong Oktubre 14, 2019 hanggang Oktubre 21, 2019, naghulog ang AFP ng 5 bomba, nanganyon ng 102 ulit at tatlong ulit na nag-istraping sa Barangay San Luis, Matibog, Bukidnon, kasabay ng malawakang operasyong militar.

44. Noong Oktubre 25, 2019 at Oktubre 26, 2019, naghulog ng mga rocket sa mga bukid at magubat na lugar malapit sa mga

komunidad sa pagitan ng Sagada, Besao at Bauko sa Mountain Province.

45. Noong Oktubre 26, 2019, bandang madaling araw ay naghulog ang AFP ng tatlong bombang 500-libras malapit sa komunidad ng Barangay Caputoan, Las Navas, Northern Samar. Tinamaan ang mga bukid ng 13 pamilya, at sumira sa mga bahay, inaning palay at mga ari-arian. Sinundan ito ng pangraratrat ng mga sundalong lulan ang helikopter.

46. Noong Oktubre 29, 2019, ala-6 ng umaga, naghulog ng rocket ang AFP sa kabundukang bahagi ng Barangay Canangaan, Cabanglasan, Bukidnon. Sa sumunod na araw, Oktubre 30, 2019, mula ala-6 ng umaga hanggang ala-5 ng hapon, nagpalit-palit ang paghuhulog ng rocket, istraping at panganganyon. Sa kabuuan, aabot sa 70 rocket at bala ng kanyon ang ginamit ng AFP.

47. Noong Pebrero 18, 2020, bandang alas-4 ng umaga, apat na bomba mula sa FA-50 fighter jet ang inihulog ng AFP at apat na beses nag-istraping mula sa eroplano sa Sityo Gabunan, Barangay Dumalaguing, Impasug-ong, Bukidnon. Sampung beses ding kinanyon ang lugar. Target ng pambobomba ang kampo ng BHB na may ilang araw nang nilisan ng mga Pulang mandirigma. Sa labis na takot sa pambobomba, di bababa sa 25 pamilya ang lumikas matapos na bombahin ng AFP ang kanilang lugar.

48. Noong Marso 18, 2020, hindi bababa sa 10 eroplano ang ginamit ng AFP para maghulog ng hindi bababa sa 20 bomba sa mga komunidad sa matataas na lugar sa Barangay Cabuyuan, Mabini, Davao de Oro. Nagsimula ang pambobomba bandang alas-4 ng umaga at natapos bago magdilim. Nasa 50 pamilya ang napwersang lumikas tungo sa mas ligtas na lugar.

Pinalalabas ng AFP na nagkaroon ng armadong engkwentro sa lugar, kahit walang ganoong pangyayari.

49. Noong Marso 24, 2020, naghulog ng isang bomba at apat na rocket ang 10th ID gamit ang isang FA-50 fighter jet, bandang ala-7 ng umaga sa Barangay Mandahikan, Cabanglasan, Bukidnon, matapos mabigo ang opensiba ng mga tauhan ng 56th IB laban sa BHB. Kasabay nito ang hindi bababa sa apat na ulit na kinanyon ang lugar. Bandang ala-1 ng hapon, matapos ang isa pang armadong sagupaan, walang-habas na nanganyon ang AFP na tumama sa 330-400 metro mula sa komunidad.

50. Noong Marso 24, 2020, naghulog ng bomba at kinanyon ng AFP ang Sityo Tapyanon, Kapalong, Davao del Norte.

51. Noong Marso 27, 2020, gamit ang isang FA-50 fighter jet, naghulog ang 4th ID ng limang bombang 500-libras malapit sa mga komunidad ng Lumad sa Barangay Mandahikan, Cabanglasan, Bukidnon. Tatlong bomba ang inihulog bandang ala-9 ng umaga, at dalawa pa ang inihulog bandang ala-2 ng hapon, na nagresulta sa labis na pagkatakot ng mga residente.

52. Noong Marso 29, 2020, bandang tanghali ay inihulgo ng AFP ang 10 rocket sa Barangay Mandahikan, Cabanglasan, Bukidnon, na sumira sa mga puno at iba pang rekursong panggubat.

53. Noong Marso 31, 2020 muling binomba ng AFP ng hindi bababa sa 10 rocket ang Barangay Mandahikan, Cabanglasan, Bukidnon. Binomba rin ang lugar mula sa mga kanyon na nakapwesto sa katabing barangay sa Loreto, Davao del Norte. Habang nambobomba, lumilipad sa lugar ang isang eroplanong Cessna 208.

54. Noong Abril 19, 2020, bandang alas-5 ng umaga, naghulog ng hindi bababa sa apat na bomba sa malapit sa bahayan ng Sityo Kapanal, Barangay Gasi, Kiamba, Saranggani. May ilan nang magsasakang Lumad (mula sa tribong T'boli) na nasa kanila nang bukid sa mga oras na iyon na labis na nangamba sa pambobomba.

55. Noong Mayo 10, 2020, naghulog ang AFP ng mga bomba gamit ang mga FA-50 fighter jet mula alas-3 hanggang alas-9 ng umaga. Tinamaan ang isang kampo ng BHB na ikinasawi ng 10 Pulang mandirigma, kabilang ang ilang mga sanay na mga medik na nagpaplano noon na maglunsad ng misyong medikal sa lugar.

56. Noong Mayo 11, 2020, nagpalipad ang AFP ng 10 misayl gamit ang isang FA-50 fighter jet na tumama malapit sa komunidad ng mga Lumad sa Sityo Tapyanon, Barangay Mandahikan, Cabanglasan, Bukidnon. Sinundan ito ng 10 pang misayl at walang habas na istraping ng M60 masinggan mula sa dalawang heliopter na Huey. Ang pagsalakay mula sa ere ay ganti sa pag-isnayp ng isang yunit ng BHB sa mga sundalo sa lugar.

57. Noong Mayo 12, 2020, bandang alas-3 ng umaga, naghulog ng apat na bomba ang AFP gamit ang FA-50 fighter jet, malapit sa Km. 16 at Sityo Han-ayan sa Barangay Diatagon, Lianga, Surigao del Sur. Limang beses ding kinanyon ang lugar. Sa sumunod na apat na araw, walang patid ang paglipad ng mga drone at helikopter sa lugar.

58. Noong Mayo 14, 2020 at Mayo 18, 2020 naghulog ang AFP ng walong 230-kilong bomba mula sa mga FA-50 fighter jet, at 24 rocket gamit ang mga helikopter sa mga bukid at bundok sa Sityo Hayon, Barangay Libas Sud at Barangay Siagao sa San Miguel, Surigao del Sur. Limang Pulang mandirigma ang nasawi sa naturang pambobomba.

59. Noong Mayo 14, 2020, humigit-kumulang 150 pamilya o 700 residente mula sa Sityo Sta. Rita at Sityo San Roque, Barangay Sinanglanan, Malaybalay City ang lumikas sa harap ng bantang bobombahin ng AFP ang kanilang mga komunidad, tulad ng ginawa sa mga katabing komunidad.

60. Noong Mayo 31, 2020 at Hunyo 1, 2020 naghulog ang AFP ng mga bomba gamit ang FA-50 fighter jet sa komunidad at mga sakahan ng mga katutubong Mangyan sa Socorro, Oriental Mindoro.

61. Noong Hunyo 24, 2020, naghulog ang AFP ng 15 bomba, kinanyon ng 11 ulit, at inistraping ang 15 komunidad sa Cabanglasan, Bukidnon. Pwersahang pinalikas ng AFP ang aabot sa 2,000 Lumad at magsasaka sa lugar at idineklara ang mga komunidad na "no man's land" upang isagawa ang walang habas na pambobomba na sumira sa mga taniman ng mais.

62. Noong Hunyo 25, 2020, ilang ulit na kinanyon ang Sityo Maro, Barangay Senuda, Kitaotao, Bukidnon, malapit sa pusisyon ng tropa ng 3rd IB. Hindi bababa sa dalawang sundalo ang napatay sa pambobomba. Sinundan ito ng paghuhulog ng rocket at pag-istraping sa lugar, habang kumakaripas ng takbo ang sarili nilang tropa.

63. Noong Hulyo 7, 2020 binomba ng AFP ang pansamantalang kampo ng BHB sa Sityo Panukmuan, Barangay Diatagon, Lianga, alas-2:30 ng umaga, gamit ang FA-50 fighter jet, Augusta Westland helikopter, mga drone at kanyon. Dalawang Pulang mandirigma ang nasawi.

64. Noong Hulyo 14, 2020, hindi bababa sa 64 na ulit na kinanyon ng 105mm howitzer ang maburol na bahagi ng Sitio Salvacion, Barangay San Nicolas, San Jose de Buan, Western Samar. Walang yunit ng BHB sa lugar.

65. Noong Hulyo 14, 2020 binomba ng AFP ang Barangay Anahaw Daan, Tago, Surigao del Sur.

66. Noong Hulyo 14, 2020, hindi bababa sa 64 na ulit na kinanyon ng 105mm howitzer ang maburol na bahagi ng Sitio Salvacion, Barangay San Nicolas, San Jose de Buan, Western Samar. Walang yunit ng BHB sa lugar.

67. Noong Hulyo 15, 2020, hindi bababa sa dalawang bomba ang inihulog malapit sa dalawang komunidad ng mga Lumad sa Barangay Diatagon, Lianga, Surigao del Sur.

68. Noong Hulyo 28, 2020 gamit ang mga fighter jet, naghulog ng hindi bababa sa 20 bomba ang Sityo Magawa, Hagpa, Impasug-ong, Bukidnon, kasabay ng panganganyon sa lugar.

69. Noong Hulyo 29, 2020, kinanyon ng 24 na ulit ng 8th ID ang mga sakahan sa Sitio Salvacion, Barangay San Nicolas, San Jose de Buan, Western Samar.

70. Noong Hulyo 31, 2020, kinanyon nang 15 ulit ang mga bukid sa Sityo Mindao, Miaray at Kalakapan, sa Barangay Mandahikan, Cabanglasan, Bukidnon.

71. Noong Agosto 13, 2020 bandang alas-2 ng hapon, sinimulan ang isa't kalahating oras ng pambobomba at pag-istraping ng 9th ID sa mga komunidad sa Barangay Lidong, Dagang, Caramoan, Camarines Sur na nagresulta sa paglikas ng humigit-kumulang 200 pamilya mula sa kanilang lugar. Pinalalabas ng AFP na nagkaroon ng armadong sagupaan bagaman wala namang yunit ng BHB sa lugar.

72. Noong Agosto 19, 2020, naghulog ng apat na rocket ang AFP sa Sityo Talabaw, Barangay Binicalan, Agusan del Sur, matapos dumanas ng pagkatalo sa labanan sa BHB sa naturang lugar.

73. Noong Agosto 19, 2020, kinanyon ng AFP ang Sityo Dasuran, Barangay Golden Valley matapos ang misencounter sa pagitan ng 66th IB at 71st IB.

74. Noong Agosto 21, 2020, binomba ng AFP ang Barangay Buhawen, San Marcelino, Zambales gamit ang apat na helikopter, na sumira sa taniman at pinangangasuhan ng mga katutubong Aeta. Hindi bababa sa 190 pamilya (kabilang ang 660 bata) ang napwersang magbakwit sa katabing Barangay Aglao.

75. Noong Setyembre 18, 2020 mula alas-3 ng umaga paitaas, apat na ulit na kinanyon ang mga bukid sa direksyon ng Barangay Siljagon, Mapanas, Northern Samar at dalawang ulit malapit sa ilog ng Oras.

76. Noong Setyembre 30, 2020 mula alas-11 ng gabi hanggang alas-2 ng umaga ng sumunod na araw, 16 ulit na kinanyon ang mga bukid sa bandang Sityo Canonghan, Barangay Osmeña, Palapag, Northern Samar.

77. Noong Setyembre 30, 2020 iniulat ng mga residente ang walang patumanggang pag-iistraping sa direksyon ng mga bukid sa Barangay Bagacay, Palapag.

78. Noong Setyembre 30, 2020 mula alas-11 ng gabi hanggang alas-2 ng umaga ng sumunod na araw, 16 ulit na kinanyon ang mga bukid sa bandang Sitio Canonghan, Barangay Osmeña, Palapag, Northern Samar.

79. Noong Setyembre 30, 2020 iniulat ng mga residente ang walang patumanggang pag-iistraping sa direksyon ng mga bukid sa Barangay Bagacay, Palapag, Northern Samar.

80. Noong Oktubre 9, 2020, binomba ng AFP ang Barangay Slaysayon, Quezon, Bukidnon matapos makaranas ng kaswalidad sa opensiba ng BHB sa lugar.

81. Noong Oktubre 19, 2020, kinanyon ng 19th IB ang Barangay Santa Cruz, Matuguinao, Western Samar. Natamaan ang bahay ng isang magsasaka at dalawang aso habang muntik tamaan ang isang eskwelahan at waiting shed.

82. Noong Oktubre 28, 2020, kinanyon ng 20th IB ang direksyon ng magkakalapit na barangay ng Sag-od at Epawi sa Las Navas, Northern Samar.

83. Noong Nobyembre 24, 2020 bandang alas-6 ng umaga, naghulog ang AFP ng tatlong bomba, at paulit-ulit na inistraping ang mga bukid sa Barangay Lawak Langka, Mangatarem, Pangasinan kahit walang target sa lugar. Pinalabas ng North Luzon Command na nagkaroon ng armadong engkwentro sa lugar, kahit pa wala naman doong yunit ng BHB sa pagkakataong iyon.

84. Noong Nobyembre 25, 2020, naghulog ng pitong bomba at niratrat ng 29th IB ang mga komunidad sa Santiago, Agusan del Norte.

85. Noong Nobyembre 31, 2020, tatlong beses na inistraping ng mga helikopter ng AFP ang mga sakahan sa Barangay Manila de Bugabos, Butuan City.

86. Noong Disyembre 4, 2020, nag-istraping mula sa ere ang dalawang helikopter ang maburol na bahagi ng Barangay Maasin, Las Nieves, Agusan del Norte na nagdulot ng takot sa mga residente, kabilang sa mga buntis.

87. Noong Disyembre 22, 2020 hanggang Disyembre 27, 2020, isang serye ng pambobomba ang isinagawa ng AFP sa Palimbang, Sultan Kudarat, laban sa isang yunit ng BHB. Hindi bababa sa 21 sundalo ng AFP ang namatay sa mga bombang inihulog ng sarili nitong pwersa.

88. Noong Enero 5, 2021 hanggang Enero 7, 2021, 14 na bomba ang inihulog ng mga eroplano ng AFP sa mga gubat at taniman sa Barangay Pacgued at Barangay Mataragan sa Malibcong, Abra, at sa Sityo Sap-al, Barangay Buneg, Lacub.

89. Noong Enero 16, 2021, walang habas na kinanyon at binomba ng AFP ang mga barangay ng Sandayao, Trinidad, Binobohan, Imelda at Tacpao, gamit ang mga helikopter.

90. Noong Enero 24, 2021 hanggang Enero 25, 14 na bomba ang inihulog ng mga eroplano ng ng AFP sa lugar ng pangangaso at kagubatan sa hangganan ng Tubo at Besao, Abra.

91. Noong Enero 31, 2021, nambomba at nag-istraping ang AFP sa Sityo Saluringan, Barangay Canangaan, Cabanglasan, Bukidnon, bandang ala-2 ng hapon, matapos na tinamaan ang kanilang mga tropa ng isnayping ng BHB.

92. Noong Pebrero 5, 2021, ilang ulit na binomba ng AFP ang mga lugar malapit sa Barangay Masaya, Buenavista, Quezon matapos makaengkwentro ang isang yunit ng BHB. Nagdulot ito ng matinding takot sa mga kanugnog na barangay.

93. Noong Pebrero 5, 2021 hanggang Pebrero 11, hindi bababa sa 22 barangay sa apat na bayan sa prubinsya ng Quezon ang walang patumanggang binomba at inistraping ng AFP. Naapektuhan ng mga pambobomba ang mga barangay ng Esperanza, Masaya, Villa Aurora, Villa Veronica, dela Paz, San Pedro, Mabini sa bayan ng Buenavista; mga barangay ng Anyao, Agro, Anusan, Camandiison, Tagbacan Silangan, Milagrosa sa Catanauan; mga barangay ng Anonang, Bagupaye, Bolo, Buenavista, Burgos, Mabini, Magsaysay sa Mulanay; at mga barangay ng Bani at San Isidro, sa San Narciso.

94. Noong Pebrero 8, 2021, walong bomba ang inihulog ng AFP sa Barangay Sinalangtan, Pinabacdao, Western Samar. Sa loob ng 45 minuto, nag-istraping din mula sa helikopter na tumama sa mga sakahan sa lugar. Ang gayong pambobomba ay paghiganti sa nabigong opensiba ng AFP laban sa BHB.

95. Noong Pebrero 11, 2021, naghulog ang isang eroplano ng AFP ng dalawang bomba habang naka-apat na ikot ng pag-iistraping ang mga helikopter sa magubat na lugar at lugar ng pangangaso ng tribung Agawa sa Barangay Tamboan, Besao, Mountain Province.

96. Noong Pebrero 13, 2021, dalawang beses kinanyon ang Barangay Ginagdanan, San Roque, Northern Samar, matapos aktibong makapagdepensa ang BHB laban sa PNP-12th Special Action Force. Sinundan ito ng isang oras na walang tigil na pagpapaputok ng mga pulis ng kanilang mga baril.

97. Noong Pebrero 15, 2021, anim na beses na nanganyon at tatlong oras na walang tigil na nagpaputok ang 43rd IB matapos tambangan ng BHB ang mga tropa nito sa Barangay Cagbigajo, Pambujan, Northern Samar.

98. Noong Pebrero 18, 2020, bandang alas-2 ng umaga, naghulog ng apat na bomba ang mga FA-50 fighter jet ng AFP sa Barangay Lilingayon, Valencia City, Bukidnon. Apat na ulit na inistraping mula sa ere at 10 ulit na kinanyon ang lugar. Tinamaan ang isang kampo ng BHB kung saan may isang Pulang mandirigma ang nasawi at pito ang nasugatan.

99. Noong Marso 6, 2021, binomba ng AFP ang Barangay Guimad, Ozamiz City na tumama at sumira sa mga bukid, at nagresulta sa labis na pangamba sa masa. Ito ay matapos tambangan ng BHB ang mga tauhan ng 10th IB sa lugar.

100. Noong Marso 25, 2021 hanggang maghapon ng Marso 26, walang habas na binomba ng 203rd IBde ang mga sakahan at komunidad ng mga katutubo at magsasaka sa hangganan ng Mansalay at Roxas, Oriental Mindoro. Umabot sa 11 bala ng howitzer ang pinakawalan. Dahil dito, lumikas ang libu-libong residente sa hindi bababa 15 sityo ng dalawang bayan, laluna ang mga nakatira sa Barangay Panaytayan at San Vicente. Apektado ang tinatayang higit 15,000 populasyon ng dalawang barangay.

101. Noong Abril 6, 2021, sa pagitan ng alas-4:30 at alas-5:30 ng umaga, naghulog ng tig-tatlong bomba ang dalawang FA-50 fighter jet na sinundan ng pag-ulan ng bala mula sa kalibre .50 masinggan sa magubat na lugar ng Barangay Kasapa II, La Paz, Agusan del Norte, malapit lamang sa bukid at bahayan ng mga Lumad at magsasaka. Isang eroplanong Cessna at dalawang drone ang lumilipad nang naghulog ng bomba ang mga fighter jet. Ilang oras paglipas, dumating ang isa pang eroplano at naghulog ng mga bomba at nag-istraping hanggang tangghali. Bagaman walang seryosong nasugatan, may ilang residenteng nagalusan dahil nagkandarapa sa pagtakbo. Ayon sa mga residente, pakiramdam nila'y naghihintay lang silang tamaan ng bomba. Walang yunit ng BHB noon sa lugar.

102. Noong Abril 8, 2021, naghulog ng walong bomba ang dalawang MD520 na helikopter at tatlong oras na walang patumanggang inistraping ang mga sakahan sa Barangay Boco, Can-avid, Eastern Samar. Isang bahay ng sibilyan ang nasunog. Bahagi ito ng ginawang pekeng engkwentro ng Bravo at Charlie company ng 87th IB laban sa BHB. Nagsinungaling pa ang mga sundalo sa mga residente na may 15 Pulang mandirigmang namatay.

103. Noong Abril 24, 2021, limang oras na nanganyon, nangistraping at nagpaputok ng grenade launcher ang mga tropa ng 52nd IB, 14th IB at CAFGU sa isang dam malapit sa mga sakahan sa Sityo Canrumbay, Barangay Jicontol, Dolores, Eastern Samar. Bahagi ito ng pag-"test fire" ng mga sundalo sa panahon ng tag-ani. Matapos nito, tumungo sa Sityo Canrumbay at sa kalapit na Barangay Osmeña para mag-inuman, magsugal at magsabong.

104. Noong Abril 29, 2021, kinanyon ng AFP gamit ang 155mm howitzer ang Kilometro 30, Bobon, Northern Samar.

105. Noong Abril 2021, pitong Pulang mandirigma ang nasawi nang nasabugan ng inihulog na bomba ng militar ang dalawang kampong gerilya ng BHB sa Surigao del Sur.

106. Noong Hunyo 9, 2021, kinanyon ng mga pwersa ng 3rd ID mga liblib na lugar sa Himamaylan City at Binalbagan sa Negros Occidental mula alas-10 ng umaga hanggang alas-2 ng hapon. Sa labis na takot, ang mga residente ay pansamantalang lumikas at iniwan ang kanilang kabuhayan.

107. Noong Hunyo 9, 2021, kinanyon ng AFP ang kabundukan ng Cambantog sa Ormoc City, Leyte na walang malinaw na inaasinta.

108. Noong Hulyo 7, 2021, tatlong beses kinanyon gamit ang 105mm howitzer ang erya sa pagitan ng Silvino Lobos at Las Navas, Northern Samar, at Matuguinao, Western Samar.

109. Noong Hulyo 8, 2021, apat na beses nagpaputok ng 105mm howitzer malapit sa Barangay Senonogan de Tubang, Silvino Lobos, Northern Samar.

110. Noong Hulyo 8, 2021, tatlong beses na kinanyon ang Barangay Epaw, Las Navas, Northern Samar. Kasunod nito ay nag-istraping ang mga sundalo ng 20th IB. Kasunod ito ng taktikal na opensiba ng BHB sa lugar.

111. Noong Hulyo 9, 2021, apat na beses kinanyon ang Barangay Senonogan de Tubang, Silvino Lobos, Northern Samar.

112. Noong Hulyo 10, 2021, kinanyon ang Las Navas, Northern Samar.

113. Noong Hulyo 11, 2021, kinanyon ang erya ng Lunage sa Silvino Lobos, Northern Samar.

114. Noong Hulyo 20-21, 2021, 20 ulit na kinanyon ang kagubatan malapit sa Barangay San Nicolas, San Jose de Buan, Western Samar.

115. Noong Agosto 3, 2021, dalawang ulit na kinanyon ng AFP ang Barangay Paco, Las Navas, Northern Samar.

116. Noong Agosto 16, 2021, 13 oras na naghulog ng hindi bababa sa 50 bomba at walang patumanggang nag-istraping ang AFP sa Dolores, Eastern Samar simula alas-4 ng umaga. Gumamit ang AFP ng 2 FA-50, 2 Super Tucano, 2 Augusta Westland helicopter, 2 Huey, 1 helikopter na MD520, mga Hermes 900 na drone at hindi bababa sa 7 iba pang drone. Dalawampu't dalawang Pulang mandirigma, na noo'y natutulog o kababangon pa lamang, ang walang kalaban-labang nasawi sa pambobomba.

117. Noong Setyembre 10, 2021, nag-istraping at naghulog ng mga bomba ang dalawang helikopter na Black Hawk sa pagitan ng Barangay Laligan at Barangay Tongantongan sa Valencia City, Bukidnon.

118. Noong Setyembre 15, 2021, kinanyon ng anim na ulit ang Sityo Palisan, Talaingod, Davao del Norte.

119. Noong Septyembre 16, 2021, mula alas-3 hanggang alas-11 ng umaga, naghulog ng mga bomba ang isang FA-50 fighter jet na sinundan pa ng walang habas na pag-istraping at paghuhulog ng mga rocket sa mga sakahang malapit sa Barangay San Francisco, Las Navas, Northern Samar. Lubhang nasindak at natroma ang mga residente, laluna ang mga bata, sa 10 nakapalibot na barangay. Isang bahay ang natamaan ng pag-istraping.

120. Noong Setyembre 16, 2021, kinanyon nang dalawang ulit ang Sityo Nalubas, Talaingod, Davao del Norte.

121. Noong Setyembre 16, 2021, kinanyon nang dalawang ulit ang Sityo Bugang, Talaingod, Davao del Norte.

122. Noong Septyembre 17, 2021, ilang ulit na kinanyon (105mm howitzer) at di mabilang na mga rocket ang inihulog mula sa dalawang helikopter na Sikorsky, sa Barangay E. Duran, Bobon, Northern Samar. Nagbakwit ang mga residente ng Barangay Himaraganan dahil sa pang-aabuso ng kaaway, kung saan isang buntis na namatay dahil sa takot.

123. Noong Setyembre 21, 2021, simula alas-4 ng umaga, naghulog ang AFP gamit ang FA-50 fighter jet at A-29B Super Tucano ng dalawang malaki at dalawang maliit na bomba, na sinundan ng pag-istraping sa Barangay Dungeg, Sta. Teresita, Cagayan. Target nito ang isang iskwad ng BHB. Pitong Pulang mandirigma ang nasawi.

124. Noong Setyembre 21 2021, apat na bomba ang inihulog ng eroplanong FA-50 fighter jet sa Sityo Cogon-cogon, Barangay Manalog, Malaybalay City, Bukidnon.

125. Noong Setyembre 25, 2021, kinanyon nang limang ulit ang Sityo Sasu, Talaingod, Davao Del Norte.

126. Noong Setyembre 29, 2021, tatlong bomba ang inihnulog ng FA-50 fighter jet ng AFP sa bukirin ng Sityo Quarry, Abuyog, Leyte noong Septyembre 29 bandang alas-3 ng madaling araw. Walang natamaang yunit ng BHB. Tatlong magsasaka, kabilang ang dalawang matatanda, ang iligal na inaresto ng 14th IB kinabukasan.

127. Noong Septyembre 30, 2021, mahigit dalawang beses na kinanyon ng 52nd IB ang direksyon ng Barangay Cagmanaba, Jipapad, Eastern Samar.

128. Noong Oktubre 2, 2021, naghulog ang AFP ng 6 na rocket and  ang Sityo Nalubas, Talaingod, Davao del Norte, mula 10:30 am hanggang  11:50 am.

129. Noong Oktubre 2, 2021, mula 1:35 ng hapon hanggang 2:55 ng hapon, naghulog ng 5 rocket at inistraping ang Sityo Nalubas, Talaingod, Davao del Norte.

130. Noong Oktubre 3, 2021, kinanyon ng limang ulit ang Sityo Lasakan at Sambulongan, Talaingod, Davao del Norte.

131. Noong Oktubre 3, 2021, kinanyon ng anim na ulit ang Sityo Nalubas, Talaingod, Davao del Norte.

132. Noong Oktubre 4, 2021, kinanyon ng apat na ulit ang Sityo Lasakan, Talaingod, Davao del Norte.

133. Noong Oktubre 12, 2021, kinanyon ng pitong ulit ang Sityo Nalubas at Nabalabag, Talaingod, Davao del Norte.

134. Noong Oktubre 12, 2021, kinanyon ng apat na ulit ang Sityo Lasakan, Talaingod, Davao del Norte.

135. Noong Oktubre 15, 2021, naghulog ang AFP ng pitong rocket at nag-istraping sa Sityo Nalubas mula 2:49 ng umaga hanggang 3:50 ng umaga.

136. Noong Oktubre 19, 2021, kinanyon ng di bababa sa apat na ulit ang Sitio Nalubas, Talaingod, Davao del Norte.


137. Noong Oktubre 30, 2021, binomba at inistraping ng AFP ang bulubunduking lugar sa Sityo Gabunan, Dumalaguing, Impasug-ong, Bukidnon mula 12:40 ng hatinggabi hanggang pasado alas-2 ng umaga.

138. Noong Nobyembre 2, 2021, naghulog ng di bababa sa tatlong tonelada ng bomba ang AFP sa Sityo Gabunan, Dumalaguing, Impasug-ong, Bukidnon gamit ang apat na eroplanong OV-10. Nagresulta ito sa pagkasunog ng malaking bahagi ng bundok sa lugar.

139. Noong Nobyembre 4, 2021, dalawang helikopter na Black Hawk ang nagpakawala ng mga rocket at nag-istraping sa Barangay Los Angeles, Butuan City na nagdulot ng matinding takot sa mga residente. Isang magsasaka ang namatay nang tumalon sa ilog at nalunod sa takot na matamaan.

| Uri | Taas ng lipad | Tulin | Pakpak/ Elisi | Tagal sa ere | Haba |
|---|---|---|---|---|---|

**Hermes 450**




Drone
5.5 km
176 kph
10.5 metro
17 oras
6.1 metro

**Hermes 900**



Drone
10.3 km
220 kph
15 metro
36 oras
8.3 metro

**ScanEagle II**



Drone
5.9 km
80 kph
3.1 metro
24 oras
1.7 metro

RQ-11 Raven




- Drone
- 4.5 km
- 30 kph
- 1.37 metro
- 1.5 oras
- 0.91 metro

MAG Super Swiper II




- Drone
- ± 2 km
- 55.5 kph
- 1.5 metro
- 3 oras
- 0.4 metro

Cessna 208B Caravan



- Eroplanong paniktik sarbeylans at pangkuha ng target
- 7.6 km
- 344 kph
- 15.87 metro
- 4.6 oras
- 11.46 metro

A29-B Super Tucano



Attack aircraft

10.7 km

590 kph

11.1 metro

8.4 oras

11.4 metro

SF.260 Marchetti



Attack aircraft

4.7 km

333 kph

10.1 metro$^2$

1.5 oras

7.1 metro

OV-10 Bronco



Attack aircraft

9.1 km

460 kph

12.2 metro

4.5 oras

13.4 metro

S.211 Marchetti



Fighter jet
12.2 km
667 kph
12.6 metro$^2$
3.5 oras
9.31 metro

FA-50



Fighter jet
14.6 km
1,837 kph
9.5 metro
2:26 oras
13.1 metro

MD520 MG



Helikopter pang-atake

1.3 km


244 kph

8.1 metro

1.5 oras

9.8 metro

Bell AH-1 Cobra



Helikopter pang-atake

3.5 km

276 kph

13.4 metro

2 oras

16 metro

AW109



Helikopter pang-atake

4.2 km


311 kph

11 metro

3 oras


11.4 metro

S-70i Sikorsky Black Hawk




- Helikopter pangkombat utility
- 6.1 km
- 302 kph
- 16.4 metro
- 2 oras
- 19.8 metro

Huey UH-1H



- Helikopter pangkombat utility
- 3.8 km
- 204 kph
- 14.6 metro
- 2 oras
- 17.6 metro

Bell 412



- Helikopter pangkombat utility
- 6.1 km
- 260 kph
- 14.02 metro
- 3 oras
- 17.09 metro